

Responsabilidad

- Magbayad nang bayarin sa tamang oras, kahit na ang kahulugan nito ay maggaling sa sarili mong bulsa habang naghihintay ka nang kabayaran sa iyong insurance company.
- Mag-file nang claim sa iyong pribadong health insurance company o sa iyong employer. Hindi responsibilidad ng ospital ang magfile nang claim para sa iyo.
- Siguraduhing ibigay sa Medical Records Office ang iyong kasalukuyang mailing address, e-mail address, at ang inormasyon nang iyong insurance company.
- I-monitor ang iyong mga pagbisita sa medikal at parmasya at alamin ang bayarin na bayad na at hindi pa.
- I-plano ang pagbabayad nang bayarin, kung kinakailangan.
- Paalala: Responsibilidad nang pasyente ang magbayad nang bayarin sa wastong oras. Ang hindi pagbayad sa bayaring medikal at reseta sa oras ay nakakaapekto sa iyong credit score. Ang paghihintay sa pagbabayad nang iyong health insurance o employer ay hindi kadahilanan sa pagtali-kod ng pasyente sa responsibilidad sa pagbabayad ng bayarin.
- Kung meron mang pagkahabala tungkol sa kawastuhan nang bayarin, tumawag agad sa Uniform Business Office.

Paano magbayad nang bayarin?

- On-line: Tignan ang huling pahina nang bill at gamitin ang eBilling link at Access Code.
- Tumawag sa 1-855-459-2684
- Sa sulat: Ilakip ang tseke o money order kasama ang payment coupon. Isulat ang buong pangalan at invoice number sa tseke o sa money order para sa tamang proseso.
- Pumunta sa bintana nang customer service na matatagpuan malapit sa kantina ng ospital .

Tumawag sa

U.S. Naval Hospital Guantanamo Bay

Uniform Business Office

(Ito ay matatagpuan malapit sa kantina ng ospital)

- Ekstensyong lokal: 7-2610/2230
- 757-458-2998 piliin ang 1, at edayal ang ekstensyon na 72230

Iba pang importanteng kontak para makipagugnayan

- Centralized Receivables Service (CRS) 1-855-549-2684 (para magbayad nang bayarin)
- Medical Records Office Ekstensyong lokal 7-2350/2121
- Quarterdeck/Information Eksensyong lokal 7-2072

Meron ka bang papuri, pagkahabala, o reklamo tungkol sa Uniform Business Office o sa proseso nang bayarin?

Tumawag sa USNH GB Customer Relations sa ekstensyong lokal na 7-2072

O mag-submit nang komento sa:

<https://ice.disa.mil/index.cfm?fa=card&sp=128259&s=1098>



Bayaring Medikal

Ang layunin ng **Uniform Business Office** ay siguraduhin ang serbisyong bayarin ay matukoy; ang inormasyon nang nagbabayad ay maaring makuha; eksakto at kumpletong claim ay mabuo; at ang wastong bayad ay matanggap.



Makakakuha ba ako nang bayarin sa medikal na natanggap ko sa U. S. Naval Hospital Guantanamo Bay (USNH GB)?

Ito ay depende kung ikaw ay kwalipikado sa TRICARE . Ang Defense Enrollment Eligibility Reporting System (DEERS) ay ang opisyal na lugar na magpapasya kung ang pasyente ay kwalipikadong makatanggap nito. Kung may tanong kung ikaw ay kwalipikado, maaari kang makipagugnayan sa Medical Record Office.

Depende sa iyong kwalipikasyon, responsibilidad ng Uniform Business Office na sumingil nang bayarin para sa sebisyonang medikal at dental, kasama ang piling kosmetikong pamamaraan para sa mga sumusunod:

- Mga benepisyaryo sa DoD;
- Mga sibilyan sa DoD at Non-Appropriated Fund (NAF) employees; DoD dependent school employees; at iba pang ahensya nang gobyerno;
- Secretarial Designees;
- Dayuhan na militar na may awtoridad;
- Army and Air Force Exchange Services (AAFES) employees;
- Sibilyan na pasyente na natignan sa emergency;
- Iba pang benepisyaryo na hindi-DoD na pasyente na awtorisadong makatanggap nang lunas sa pasilidad ng medisina; at,
- Kontraktor. Paalala sa mga kontraktor: kung ang tanong ay tungkol sa iyong employer na sila ba dapat ang magbayad nang iyong bayarin sa medikal, makipagugnayan sa Contracting Officer Representative (COR), kalamitang matatagpuan ito sa Material Management/Logistics Department nang iyong pinagtatrabahuhan/organisasyon sa gobyerno.

Paano kunin ang bayarin sa Medikal?

Pwedeng kunin at magbayad nang bayarin sa on-line pagkatapos gumawa nang account sa www.pay.gov, o hintayin makatanggap nang bayarin sa sulat. Pwede rin kunin ang bayaring medikal sa bintana nang customer service na matatagpuan malapit sa kantina nang ospital.

Paano ang systema sa bayarin?

Pagkatapos nang iyong medical appointment, pagpunta sa emergency room, sa parmasya o pagtigil sa ospital, susuriin nang medical coder ang iyong medical file at ito ay ita-translate lahat sa universal codes na kailangan sa paggawa nang bayarin. Ang proseso sa coding ay umaabot hanggang 2 o 3 linggo para sa paglikha nang bayarin. Para sa iba pang tanong sa proseso nang coding pumunta sa Medikal Record Office.

Kapag nagawa na ang bayarin ito ay pupunta sa Centralized Receivables Service (CRS). Ito ang magpapadala nang kopya nang iyong bayarin sa medikal na may kasamang sulat na may kalakip ng takdang petsa, ang iyong karapatan bilang pasyente, at ibat-ibang pwedeng paraan nang pagbabayad.

Siguraduhin tama ang iyong address sa Medikal Records Office. Pwedeng maantala ang iyong bayarin sa medikal dahil sa lokasyon ng mailing address, o minsan ang mga billing codes ay wala sa Military Health System. naaantala rin ang babayaran.

Pakatandaan...

Ang U.S. Naval Hospital Guantanamo Bay (USNH GB) ay nasa labas ng kontinental ng Estados Unidos at nasa Guantanamo Bay, Cuba. Samakatuwid, ang USNH GB ay kinukonsidera na hindi kasali sa pagbibigay ng serbisyong medikal sa halos lahat ng mga insurance company. Siguruduhing mabuti na babayaran ng iyong insurance company na ikaw ay babayaran sa lahat nang iyong gastosin sa serbisyong medikal at mga gamot.

Paglikas na medikal

Ang paglikas na medical o medical evacuation sa USNH GB ay lubhang napakamahal at umaabot ito nang mahigit kumulang na \$30,000. Subalit, pwede kang makakakuha ng murang medical evacuation insurance. Ikaw ay lubos na hinihikayat na bumili nito at ipagbigay-alam ang saklaw nito sa Medical Records office .

Ang pamilya nang Active Duty na gamit ang TRICARE Standard, mga Retirees na gumagamit ng TRICARE Standard, TRICARE Reserve Select, at TRICARE Retired Reserve ay may pahintulot sa gumamit ng medical evacuation (kasama ang sebisyo sa air ambulance). Subalit ang mga benepisyaryo sa kategoriyang ito ay hindi makatanggap nang cashless/claimless na serbisyo. Sila ay kailangan agad mabigay ng paunangbayad sa serbisyo at pagkatapos ay mag-file nang claim sa kabayaran.

Ang mga benepisyaryo nang TRICARE Prime, TRICARE Prime Remote, TRICARE Prime Overseas, TRICARE Prime Remote Overseas, at TRICARE Young Adult-Prime ay pinapayagang gamitin ang medical evacuation kung ang kondisyong medical ng pasyente ay kakinakailangang suriin agad o kaya ang kailangang pangangalaga ay wala sa lugar ng pasyente.

